BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN
VOLUME 1 NO. 20 10.00 FEBRUARY 13 - 19, 2023

## BLOSSOM OF LOVE, MASS WEDDING 2023
Page 4

## 59th death anniversary of Gen. Emilio Aguinaldo
P7

# GenTri VM Jonas promises to actively priortize all city government programs and services

**by DOMZ B. CAOILE –** In his desire to make a big difference in the people's live and the city, then Councilor Jonas Glyn Labuguen did not think twice to accept the challenge of leading the Sangguniang Panlungsod of General Trias City.

In an ambush interview with this writer, Sir Jonas said that heading the Sanggunian is a big challenge.

"Mabigat na responsibilidad ito," the brand new vice mayor told me. "Pero paano ako makatatanggi kung ito ang hinihiling ng taumbayan, lalong mahirap mahindian ang pagtitiwala sa akin ng ating butihing Mayor (Jonjon Ferrer) at ni Congressman (Ony) Ferrer."


Vice Mayor Jonas Labuguen


The Three GenTri Leaders: 6th District Congressman Atty. Ony Ferrer, Mayor Jonjon Ferrer, VM Jonas Labuguen



Further, VM Jonas said: "Kung may programa ang ating city government at kailangan ang suporta ng Sanggunian, we compliment it by passing legislative measures pertinent to the smooth operation ng ating city government, lalo na kung para sa kabutihan at interes ng taumbayan."

As a partner of the local chief executive, Sir Jonas said his Office dissiminates and implements the governing rules, laws and regulations of the city government, in the absence of the City Chief Executive.

Aside from this function, as the presiding officer of the Sangguniang Panlungsod, he signs all necessary documents drawn from the City Treasury for all expenditures.

"Isa kasi sa trabaho namin (sa Sanggunian) ay tingnan ang yearly budget and expenditure of the city government para mapondohan ang lahat ng project ng ating alkalde," Sir Jonas explained to this writer.

VM Labuguen added that the Sanggunian also helps in passing local measures to increase the city's revenus and ensures the safety and well-being of the people,

Sir Jonas admitted to me that his aspirations as public servant would have been from realities without the trust and support of the Ferrer brothers.

For many years, Sir Jonas has served as chief of staff of Mayor Jonjon, and when he was elected as city councilor, he always sought the help and advice of Cong. Ony --who is a topnotch lawyer and has also served as city mayor -- in drafting city ordinances.

"Kung anoman ako ngayon, iyon ay dahil sa kanilang tulong at pagtitiwala sa akin. I am truly indebted kay Mayor Jonjon, kay Cong. Ony at sa iba pang kasamahan ko sa city government," Sir Jonas said.

For this reason, VM Jonas said his Office is always ready to serve as a policy-making body of the City Government and assist Mayor Jonjon in the efficient implementation of policies and programs for the betterment of the lives of all Gentrisenos.

"Lahat po ng programa ng ating Mayor ay ating susuportahan at ang pangako namin, ang Office po ni Mayor Jonjon at ang ating Office of the Vice Mayor and the Sanggunian ay magiging magkatulong upang maihatid namin ang totoong serbisyo sa aming mga kababayan. Sa tulong ng ating Panginoong Diyos, magpapatuloy ang progreso ng minamahal nating Gen. Trias City," VM Jonas concluded./ with ET II

## 7.8 na lakas ng lindol posible sa Pilipinas

**ni LOD BELTRAN –** Ang dinanas na magnitude 7.8 na lindol sa Turkey at Syria ay posibleng mangyari sa Pilipinas, sabi ng Philippine Institute of Volcanology and Seismology (Phivolcs) nitong Martes, Pebrero 7.

Posible ito, sabi ni PhilVocs Director Teresiti Bacolcol sa media.

"It already happened on July 16, 1990. To recall, the 1990 Luzon earthquake is magnitude 7.8," aniya.

Dugtong;pa ni Bacolcol na maraming aktibong bitak sa lupa na pagsisimulan ng magnitude 7.8 earthquake.

Sa rekord ng PhilVocs, pinakamalakas na lindol na naranasan ng bansa ay nangyari sa Luzon noong 1990 Luzon na gumawak ng mahigit sa 125 km- sa lupa mula Dingalan, Aurora hanggang Kayapa, Nueva Vizcaya.

Ayon pa sa PhilVocs, nito lang nakaraang linggo ay nayugyog ang Philippine Fault kaya lumindol sa Davao de Oro.

# ECPay Kiosk meron na sa Kawit



Photo courtesy of facebook.com/MayorAguinaldo


Kawit Mayor Angelo AGUINALDO

PARA hindi na maabala pa at maging magaan ang pagbabayad sa anomang bayarin sa munisipyo, naglagay na ng ECPay sa bayan ng Kawit.

Ito ang magandang ibinalita ni Kawit Mayor Aguinaldo na ipinoste sa kanyang Facebook page kamakailan.

Sabi ng alkalde: "Magandang Kawit! Para sa mas madaling pagbabayad sa pamamagitan ng ECPay, mayroon na tayong ECPay kiosk sa ating munisipyo!

"Matatagpuan ang kiosk sa entrance ng ating munisipyo.

"Ngayon ay mas madali na ang pagbabayad ng bills, pagbili ng load, at pagcash-in habang nasa munisipyo."

Pinasalamatan ni Mayor Aguinaldo ang ECPay, at Globe sa magandang partnership nila ng municipal government para sa ikagiginhawa ng mga residente ng Kawit.

Madalas ngang sinabi ng makisig na alkalde ng Kawir, ang serbisyo nila ay laging nasa puso ang malasakit pasa mamamayang Kawiteno./**Domz B. Caoile**

## 26 FIRMS IN NORTHMIN ACQUIRE IP RIGHTS THROUGH DOST SCITECH SUPERHIGHWAY
Page 2



# VP Duterte denies supporting same-sex marriage in PH




**by ADELA R. ZAMORA –** Vice President and Education Sec. Sara 'Inday Sara' Duterte has not expressed support for same-sex marriage in the country.

In a statement released to media, the VP spokesperson Atty. Reynold Munsayac said on Thursday, Feb. 16 that VP Inday Sara denied stories that she favors same-sex marriage.

"Vice President Sara Duterte did not say she supports same-sex marriage in the Philippines, as reported in a news article," Munsayac said.

He quoted Duterte's speech during the 62nd mass wedding sponsored by Parañaque City 2nd District Rep. Gus Tambunting on Valentine's Day.

"Marami pong gender ngayon na kinikilala ang ating society. Naisip ko, sana sa mga susunod na taon, 'yung ibang gender, katulad ng mga LGBTQI, ay mabigyan din sila ng proteksyon ng batas sa kani-kanilang lang mga partners at sa kanilang mga ) relationship," Inday Sara said.

With that statement, news reports on Wednesday, Feb. 15, alluded Duterte's statement to an expression of support for same-sex marriage.

Senators and congressmen has expressed different views on the contentious Anti-Discrimination on the Basis of Sexual Orientation, Gender Identity and Expression (SOGIE) bill.

The Philippine Catholic church and other religious organizationshas been very vocal against the law on passage of laws allowing same-sex marriage in the Philippines.

However, advocates for the SOGIE bill said that allowing same-sex marriage will prohibit discrimination based on one's sexual orientation.

# Silang adopts new official seal

SILANG has a new symbol that represents the values and aspirations of the town.

Its Municipal Council recently approved an ordinance adopting its new seal and regulating its use.

The symbols are contained within the provincial shield in uniformity with the local government units of Cavite.

On the left side is the oldest public structure of the locality, the old municipal hall. This represents the hallowed halls of leadership and justice, and is a witness to the town's civic history.

The right side has the 17th century retablo mayor of Silang church. It is a National Cultural Treasure along with the church and its complex. The retablo is the pride of the municipality as it showcases antiquity and local values of faith heritage, according to the Silang local government.

The heraldic supporters are composed of horticultural and agricultural elements to reflect Silang's fertile land and temperate climate.


The hibiscus flower in full bloom represents the beautiful but delicate ventures on ornamentals. It reflects the fact that many Silanguenos breed and sell plants as part of the local economy, aside from growing agricultural produce like papaya, pineapple and coffee.

The natural elements also lie at the foundation, supporting the town's emblems of history and development.

Surrounding the shield are the 64 stars that represents the barangay units of Silang./ Politiko, South Luzon



**Mayor Alston Kevin Anarna**





# Book Fair ng Komisyon sa Wikang Filipino, Bukás Na!

BUKÁS na ang Book Fair ng Komisyon sa Wikang Filipino tuwing Miyerkoles ng bawat lingo mula ng 22 Pebrero hanggang 26 Abril 2023, 9:00 nu hanggang 3:00 nh sa Bulwagang Romualdez ng Komisyon sa Wikang Filipino, Malacañang Complex, Lungsod Maynila.

Tampok ang mga aklat na inilalathala ng KWF na naglalayong maabot ang mga Pilipino sa layunin na maibahagi ang mga napapanahon at mahahalagang karunungan at kulturang Pilipino.

Naniniwala ang KWF na mahalaga na mailathala ang mga katangi-tanging aklat hinggil sa usaping pangwika, araling kultural, salin, gramatika, at iba pang disiplina gamit ang wikang Filipino bilang wikang karunungan.

Para sa karagdagang detalye at impormasyon, maaaring makipag-ugnay sa Sangay ng Edukasyon at Networking sa telepono blg. 0928-844-1349 o magpadala ng e-mail sa jeduclay@kwf.gov.ph para sa mga tanong at paglilinaw.




# 26 FIRMS IN NORTHMIN ACQUIRE IP RIGHTS THROUGH DOST SCITECH SUPERHIGHWAY

THROUGH the able assistance of the Department of Science and Technology (DoST), 26 firms from various provinces in Northern Mindanao acquire intellectual property rights through the acquisition of trademark registration.

The successful trademark registration was made possible through the SciTech Superhighway program of the DoST.

The certificates of registration are from and signed by the Bureau of Trademarks - Intellectual Property of the Philippines, with a 10-year validity period.

In partnership with the Intellectual Property Office of the Philippines (IPOPHIL) and the Technology Application and Promotion Institute (TAPI), DOST region 10 was able to endorse these applications.

The SciTech Superhighway is a collaborative project of DOST-TAPI and IPOPHIL to strategize ways to streamline and hasten formality examinations of IP applications and other administrative processes up until the financial assistance of the following fees: Filing Fee, 1st Publication Fee, 2nd Publication Fee, and Issuance Fee.

The applications were endorsed during the SciTech Superhighway 11th Technical Working Group (TWG) Deliberation Meeting in March 2022. Proceeding after the actions of the recommendation provided by the IPOPHL TWG member, the applications were then officially filed in May 2022. Assisted firms have finally received their Certificate of Registrations in the last quarter of 2022.

In Bukidnon, there were three certificates of trademark registration given, while in Camiguin, there were six.

In Lanao del Norte and in Misamis Occidental there were five firms who also acquired the certificate and DOST Misamis Oriental were able to assist 7 firms.

Most of the 26 firms are in the food processing industry.

In a Facebook post, one of the 2022 trademark registration recipients, Mr. Recarte Bacus of Candiisan Diversified Farm, expressed his thanks to DOST for facilitating their application.

"Yeeeeyyy na register na gyud sa Intellectual Property Office (IPO) ang "Tablea ni Candi". Daghan kaayong salamat Department of Science & Technology (DOST)-Bukidnon sa pag facilitate", he said.

For 2023, DOST 10 is open to assisting more MSMEs with their trademark registrations. Interested MSMEs may signify their interest by writing a letter of intent addressed to the director of the nearest Provincial Science and Technology Offices. (Raziel Antoniette Bayagna/DOST10)

# Sen. Grace Poe, iimbestigahan, kapalpakan sa NAIA

BUKAS Maleta: ito ang latest scandal sa ating Ninoy Aquino International Airport (NAIA) tungkol sa reklamo ng isang umuwing kababayan na ang mahahalagang pasalubong niya sa kanyang minamahal ay ninakaw.



SIGAW AT PANANAW

by Jojo SICAT

At sino ang hindi maghihimutok, lalabas ang litid sa galit at panghihinayang sa pagkawala ng pasalubong na matagal niyang inipon ang pambili (marami sa ating OFWs ay kumikita ng dolyares sa pagkudkod ng dumi sa kubeta ng kanilang amo na tinitiis para may maipadala sa kanilang love ones sa Pilipinas).

Kaya hindi nakapagtataka na tawaging "the worst airport" ang paliparan na ipinangalan kay Ninoy Aquino -- nasabi ni Kris Aquino ay bayani raw, pero traydor naman sa mga kontra sa Dilawan.

Ano na ang nangyari sa panukalang batas na ibalik sa dating Manila International Airport ang NAIA?

Kaya natuwa ako sa ipinasang Senate Resolution 463 ni Sen. Grace Poe noong nakaraang Lunes na nais tiyakin ang sekuridad ng mga bagahe, lalo na ang mga pasaherong lumalapag sa lahat ng ating airport sa bansa.

Sa resolusyon ni Sen. Poe, nais niyang gumawa ng hakbang ang management ng NAIA upang matiyak na ligtas sa peligro ang mga tao at pasilidad ng paliparan.

Eto ang sabi sa resolusyon ng ating kinagigiliwang senadora: ""There are numerous reports concerning stolen items and damaged luggage of air passengers upon arriving at NAIA."

Tama po ito, at bakit itong NAIA natin ay hindi mawalan ng eskandalo, matitinding anomalya na sa aming madalas na pagko-cover sa Senado, e binusisi ang "Laglag-Bala" sa panahon ni (+) Pres. Nonoy Aquino, at ang "Pastillas" sa panahon ni Prez. Digong Duterte at ang ilegal na pagpapasok ng mga dayuhan -- karamihan ay Chinese at Japanese at Koreans -- na may mga tinakasang kasong kriminal sa kanilang bansa.

May nakasuhan na po ba, may naipakulong na po ba sa mga suspek sa mga ganitong raket sa NAIA, mga bossing sa Department of Justice?

Sa panig ng Department of Transportation and the Manila International Airport Authority, ang ating naririnig at nababasa ay "praise releases" at mga pangakong pagbubutihin daw nila ang serbisyo, at uusigin ang mga opisyal at tauhan nila na mapatutunayang sangkot sa "Bukas-Maleta."

Kung ganyan lagi ang balita, e kahit ano'ng gawin ang panghihikayat ni Presidente Bongbong Marcos sa mga investor at kahit pa anong publicity and promotion ang gawin ng Department of Tourism, ay walang mangyayari.

Imagine, sa ariport pa lang, mananakawan ka na?

Tapos, madalas ang delayed o di-inanunsiyong kanselasyon ng paglipad at paglabag ng mga eroplano sa NAIA, at matatandaan ang nakahihiyang malawak na brownout sa paliparan noon na gawa raw ng nasirang security system.

Dagdag pa rito ang mabagal na processing ng mga dokumento ng mga papaalis at parating na pasahero sa NAIA na matapos ang mga palusot at konting remedyo, balik uli ang masamang serbisyo.

Aba kung sa Japan nangyari 'yan, agad, mabilis pa sa alas kuwatro, kungdi nagli-leave of absence, nagre-resign ang top managers.

E sa atin, ano pa nga ba, puro palusot, hugas kamay at pakapalan na lang ng mukha.

Kaya hindi mawala-wala ang ating tatak na isa sa "the worst airports in Asia and the world."

Mga bossing sa DOTr at



Senator Grace POE

NAIA, galaw-galaw at aksyong totoo, hala, 'wag antayin na magalit si Sen. Grace Poe, kayo rin.

@@@

Siyanga pala, maraming-maraming salamat sa tiwala ng aming mentor, Sir Eli Taparan II sa pag-imbita sa amin na magsulat sa BantayBalita, at siyempre sa aming publisher, Sir Domz B. Caoile.

Sa totoo lang, ni sa panaginip hindi ko akalain na ako ay magiging print reporter at brodkaster pa.

Nangyari ito sa panghihikayat sa amin ni Sir Eli at ng aming bespres, ang yumaong veteran photojournalist Nhomas Asuncion.

Salamat po sa inyong pagtitiyagang maturuan kami, Mentor Eli -- na kahit retirado nang editor at media specialist, siya ay patuloy sa pagtulong sa mga tulad ko na "pinabili lang ng suka" e eto, reporter na.

Maraming-maraming salamat, Mentor Eli.

Para sa inyong reaksiyon, send them to jojosicat 111765@yahoo.com

# National ID natin, ano na?

PAANO kaya kung wala ang ating overseas Filipino workers (OFWs) at mga kababayang naging citizen na ng bansang doon na sila namimirmihan?

Kasi napakalaling tulong sa ekonomya natin ang bilyon-bilyong dolyar na ipinadadala nila sa kani-kanilang pamilya rito sa atin.

Sa ulat ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP), umabot sa 'new rtecord high' na $3.49 bilyon nitong Disyembre 2022 ang naipadala ng ating OFWs sa kanilang mga kaanak.

Ito, sabi ng BSP ay 5.7 percent sa $3.30 bilyon na naipadala noong Dis. 2021.

Malaki ang naitulong ng remittance na ito laban sa inflation.

Lalo na noong panahon ng pandemya na marami ay nawalan ng trabaho at natigil at nagsarado ang maraming kompanya, trabaho at iba pang serbisyo ng mga kompanyang pribado at ng gobyerno.

Mula sa amin, maraming-maraming salamat po sa inyong remittances, patuloy na lumulutang at napipigilang lumubog ang ekonomya natin.

@@@

In two year-time, President Marcos Jr. said that he is confident, we will have a sufficient supply of rice: hindi na tayo mag-iimport ng bigas.

Sana po, mangyari ang plano nyong ibuhos ang lahat ng tulong ng gobyerno upang makapag-ani tayo ng palay nang higit sa doble upang mapakain ang ating mahigit sa 110 milyong Pilipino.

Hindi lang bigas, pati



MY CUP OF COFFEE

by Henry E. CAOILE

meat products, isda at gulay ang target ni PBBM na anihin sa pinalalakas na agrikultura, paghahayupan at palaisdaan.

Tungkol sa onion cartel, sana, totoo ang pangako ng gobyerno na kahit sino pa ang sangkot sa pagmamanipula ng presyo, ismagling at hoarding ng sibuyas ay makasuhan at maparusahan.

Samantala, eto at matapos ang sibuyas, bawang naman ang tumataas ang presyo, Mr. President Marcos, sa Ilocos region po, nagtambak ang bawang!

@@@

Mura lang ang baboy, isda sa maraming probinsiya sa Visaya at Mindanao at kaya lang super mahal ito kasi, mahirap dalhin sa Metro Manila at sa kalapit probinsiya.

Sabi ng kaibigan ko, kung siya ay governor, maglalaan siya ng pondo na pambili ng karneng baboy at isda at ipamamahagi niya sa bawat lokalidad sa probinsiya para may mabiling murang pagkain ang mga tao.

Yun kasing tusong traders at cartel ang nagpapataas ng presyo ng pangunahing bilihin natin, na natuklasan -- at alam naman ito ng lahat -- sa ginagawang imbestigasyon sa Kongreso.

Pero nangyayari na ang mga tusong negosyanteng ito ang nagpapahirap sa ating pamilya, pero bakit hindi ito magawan ng paraan ng gobyerno?

Aanhin pa ang kapangyarihang ibinigay natin sa mga lider natin kung hindi mabibigyang solusyon ang problema ng kahirapan sa ating bansa.

Nagawa ito sa Singapore na isang maliit na bansa na walang mayamang lupa at dagat na tulad ng Pilipinas.

Bakit hindi ito magawa sa ating bansa?

@@@

Teka po, ano na ang nangyayari sa ating national ID, aba magtu-two years na, pero usad pagong pa rin at marami ang nakapag-register na, wala pa rin ang kanilang National ID.

Napakalaking tulong nito kung mangyayaring rehistrado na ang lahat ng Pinoy at may sariling national ID na ang dulot, mabilis na serbisyo, lalo na sa mga transaksiyon sa gobyerno, pamimigay ng ayuda na idadaan na lang sa digital technology at wala nang kamay na makikialam.

Karanasan na kasi na pag dumaan ang salapi, ayuda o iba pang tulong sa kamay ng mga tiwaling taong gobyerno, kungdi nababawasan, nawawala at naiiwang nakatanga ang dapat ay tumatanggap ng biyaya muna sa pamahalaan.

BANTAY BALITA NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

Your Community Newspaper, Kakampi ng Bayan!
Published Weekly by BantayBalita News Publishing Services
Block 2. Lot 27, Camella Barcelona Phase 1, Barangay Buhay na Tubig, Imus City, Cavite
E-mail: domzcaoile@yahoo.com / taparaneliseo@gmail.com / lukasdasilva990@gmail.com
Phone: 09274890759 / 09289406369

Founder: HENRY E. CAOILE
Publisher: DOMZ B. CAOILE
Editorial Consultant: ELI TAPARAN II
Special Projects Director: ADELA R. ZAMORA
Copy Editor: LUKAS DA SILVA
Circulation Manager: LIZA FE BONETE
Contributing Writers: NOLI LIWANAG
GENE TAPARAN TAN
ED 'MUTO' G. CUENCA
LOD BELTRAN
JOJO SICAT
Contributing Editor RUEL FRANCISCO
Batangas Correspondent: JOSE ALEX MASBAÑO
Art & Production Manager: ART BEJASA

member papi PUBLISHERS ASSOCIATION OF THE PHILIPPINES INC.

Tumatanggap ang pahayagang ito ng kontribusyong balita, artikulo, photo, komento, promotional releases, anunsiyong komersiyal at legal; gayundin mga abiso mula sa pamahalaang nasyonal at lokal at sa iba pang ahensiyang publiko at pribado at samahang sibiko at kilusan sa kawanggawa.

Isasalang sa maingat na pagkilatis ang bawat matatanggap na kontribusyon at kung kailangan ay idadaan sa editing, kung may malalaswa, mapanglait at mapanirang salita o larawan na humahamak at maglalagay sa kahihiyan ng sinomang tao.

Lahat ng nilalaman ng pahayagang ito ay maaaring muling ilathala, kopyahin sa paraang digital, imprenta at karikatura at maaaring ipamahagi sa publiko kung magbibigay-pasabi sa patnugutan ng BANTAYBALITA sa pamamagitan ng sulat, email, message o tawag sa telepono o sa anomang uri ng komunikasyon. All Rights Reserved. Imus City, Cavite, Philippines.

*NOTE: All news articles and opinions expressed by the writers are entirely their own and do not reflect the opinion of the Publisher, Management of this Publication.*

# BLOSSOM OF LOVE, MASS WEDDING 2023



Sen. Bong Go with Mayor Jenny A. Barzaga and VM Rex Mangubat





Actor Philip Salvador takes a selfie photo with a newly wed couple



Ninang Mayor Jenny and Ninong Sen. Bong Go

NAGING mapulang-mapulang puso ang pagdiriwang ng Valentine's Day sa siyudad na ito sa ginanap na mass wedding noong Pebrero 14 sa ity of Dasmariñas Arena.

May temang "Blossong of Love" ang ginanap na mass wedding 2023. 751 pares ng magsing-irog ang pinag-isang puso ni Mayor Jenny Austria Barzaga na binasbasa ni Pastora Pauleen Dee.

Pinayuhan ang mga bagong kasal na maging matatag sa pagmamahalan at maging matibay sa mga pagsubok t laging humingi ng tulong at gabay ng ating Diyos upang sa pagdaraan ng mga taon, anoman ang dumating na suliranin, ang pinagtaling puso ay maging magkabigkis, sa hirap at ginhawa.

Sabi nga, ang matrimonya ng kasal ay hanggang kamatayan.

Hindi lang panauhing pandangal si Senator Bong Go kasi siya ang tumayong ninong ng lahat ng ikinasal at ninang si Mayor Jenny Barzaga,

Sa okasyon, narooon ang aktor na si Philip Salvador na nakipagbiruan sa mga pares ng ikinakasal at nagbigayo ng saya sa kasalan.

Sa kanyang mensahe, ito ang sinabi ni Mayor Barzaga: "Hiling ko na ang inyong sinumpaang pangako ay mananatiling tapat sa isa't-isa. Asahan ninyo na ang Pamahalaang Lungsod ng Dasmariñas ay mananatiling nakaagapay at magbibigay gabay sa inyo sa hirap man o ginhawa."

Mula sa amin, mabuhay kayo at hala, magpakarami at kalatan ng inyong lahi ang siyudad de Dasmarinas. **/ELi TAPARAN II**












Ilang pares ng mga bagong kasal









KASAMA ni Mayor Raffy Dualan (sa gitna) ang mga opisyal ng MENRO sa ginawang Bio Remediation Project para malinis ang mga daluyang tubig sa ilog

# Mabuhay Balls: maglilinis ng tubig sa ilog



**SA TOTOO LANG!**

**by GENE T. TAN**

Nais.CONGRATZ po sa pamahalaang bayan ng Naic na ginawaran ng 2022 Seal of Good Financial Housekeeping kamakailan.

Ibig sabihin, mahusay na napamamamahalaan, nagagastos nang tama ang pondo ng bayan sa mga serbisyo na kailangan ng mamamayang Naicquenos.

Malaking karangalan ito, at patunay na maayos ang pamamahala nina Mayor Raffy Dualan, Vice Mayor Jun Dualan at ng Sangguniang Bayan, kasama siyempre ang iba pang lokal na opisyal ng Naic.

Ang naging batayan ng DILG sa gawad sa Naic municipal government ay wastong paraan ng paggamit sa pondo (financial transparency) at paglalaan ng pondo sa mga programa at proyektong pinakikimabangan ng mamamayan.

Tunay ngang malasakit at mablis na aksyon ito na ginagawa ng pamahalaang Dualan sa Naic.

@@@

Bio-remediation project sa Naic na isa gawaing pakikinabangan ng ating lokal na mangingisda nang magkatulong na ginawa Naic Municipal Environment and Natural Resources Office (MENRO) ang nangyari kamakailan.

Itong Mabuhay Balls ay gawa sa fermented clay soil and minerals na mayroong milyon-mioyong micro-organisms.

Trabaho ng micro-organism na ito na "patayin" ang mga dumi, lason at polusyon sa tubig upang muling mabuhay ang planktons at iba pang pagkain ng mga isda at iba pang namumuhay sa ilog at katubigan.

Natural na pagkain ng isda ang planktons kaya muli sila makapagpaparami, at siyempre kung muling mangyayari ito, may mahuhuli ang ating mangingisda na kanilang ikinabubuhay.

Isa pang magandang dulot nitong Mabuhay Balls, nakatutulong ito upang mawala ang masangsang na amoy sa tubig.

Ang proyektong ito ay pinangunahan ni Mayor Raffy Dualan, kasama ang mga opisyal ng MENRO na siyempre, magpapasigla sa kabuhayan ng mga mangingisda sa Naic.

Saka, kailan lang, nagpakawala ng daan-daang batang pawikan sa aplaya ng Naic sina Mayor Raffy para maingatan ang pagkaubos ng pawikan sa ating karagatan.

Isa pang pinagtutuunan ng ating alkalde ay kung paano mapangangalagaan ang pangsidaan sa ating karagatan -- na alam natin na isa ito sa pinakukuhanan ng kabuhayan ng mga mangingisdang Niaicqueno.

Para sa inyong komento: sarfia926@gmail.com.

Mabuhay tayong Lahat.

## Taas-sahod, hirit ng mga guro sa sirit-presyo ng bilihin

**ni BETH S. JUNIO –** Kailangan nang itaas ang sahod ng mga guro at mangagawa sa sektor ng edukasyon bunga ng hindi mapigil na pagtaas ng presyo ng mga bilihin at iba pang gastusin.

Inihayag ito ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) Philippines na aksyon ng gobyerno ang mga panukalang batas na nakabinbin sa Kongreso na naglalayong itaas ang aweldo ng mg mga guro at ng iba pang manggagawa sa bansa.

Nanawagan kay Pangulong Bongbong Marcos si ACT chairperson Vladimir Quetua na unahin ang sertipikasyon ng mga panukala sa wage hikes, kasunod ang pagkuwetiyon sa malimit na foreign trips ng presidente.

"The President is set for another overseas trip, purportedly to clinch deals to better the economy. It is betterfor him to certify hike bills as urgent," aniya.

Dugtong ni Quetua, sagad na sa higpit ang sinturon ng mga manggagawa sa mga hungkag na pangako at alibi. Ang kailangan namin ay makabuluhang dagdag-sweldo, ngayon na!"

Tumaas pa ang Philippine inflation sa 8.7% noong January 2023, na mas mataas pa sa nakaraang peak na 8.1% noong December 2022, base sa Philippine Statistics Authority.

# SAGIF Webinar-Worksyap ngayong Buwan ng mga Sining




NAGA, Camarines Sur - Sa pamamagitan ng virtual platform, magsasagawa ang Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF) ng trandisiplinaring Pandaigdigang Webinar-Worksyap sa Araling Panlipunan sa darating na Pebrero 24 hanggang 26.

Tema ng worksyapayong taon ay "Pagpopook ng Kasaysayan sa Hamon ng Teknolohiya at Globalisasyon" ngayong Buwan ng mga Sining, ayon sa SAGIF na tatampukan ng mga ispiker na edukador, propersor, at mananaliksik ng Ateneo De Manila, University of Santo Tomas, University of the Philippines, Philippine Normal University at De La Salle University.

Sila ay sina Dr. Antonio Contreras, Dr. Voltaire Villanueva, Dr. Joel Malabanan, Dr. Vicente Villan, Dr. Randy T. Nobleza, Dr. Melanie Turingan, Prof. Javier Leonardo Vitug Rugeria, Prop. beth Ocampo, Dr. Vasil Victoria at Sir Francis Hassel Pedido.

Tatalakayin ni Dr. Tonton Contreras ang paksang "Intelektuwalisasyon ng Filipino sa Pagtuturo ng Agham Pampolitika" sa unang araw, kasama ni Dr. Voltz Villanueva na magpapalawig naman sa "Estratehiya sa Pagtuturo ng Kaalamang Lokal sa Hamon ng Kalakarang Global.

Samantala, bibigyan ng atensiyon ni Sir Francis Pedido ang Blended Learning Approach sa pagtuturo ng Social Studies sa ikalawang congressional district ng Camarines Sur.

Sa ikalawang araw, magsasalita si Dr. Vic Villan tungkol sa "Pagka-Pilipino, Pagkataong Pilipino, at Pagkamamamamayang Pilipino sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan."

Ilalahad naman ni Dr. Melanie Turingan ng paksang "Ang Historyograpiyang Nakapaloob sa mga Obrang Historikal ni Carlos Botong Francisco."

Hapon ng ikalawang araw, tatalakayin ni Dr. Joel Malabanan tungkol sa musikang makabayan at si Dr. Randy Nobleza naman para sa araling pang-isla at pangkapuluan.

Sa huling araw, tatalakayin ni Sir Javier Rugeria ang kasaysayang pampook ng Bikol at mga araling tungkol kay Dr. Jose Rizal ang papaksain ni Dr. Vasil Victoria, at tungkol sa pagtibag ng mga misinpormasyon, miskonsepsiyon at distorsiyon sa kasaysayan ang tatalakayin ni Prop. Ambeth Ocampo.

Ayon sa DepEd National Capital Region Advisory No. 189 s. 2022, ilan sa layunin ng worksyap ay maukoy at masugpo ang mga misinpormasyon, miskonsepsiyon at distorsiyon kaugnay ng kasaysayan ng bansa.

Maaaring lumahok ang mga guro at/o edukador sa antas ng elementarya hanggang Senior High School na nagtuturo ng Agham Panlipunan.

Ayon sa SAGIFm kailangan madaluhan ang worksyap ng mga ERF teacher 1-7 at iba pang ranggo para sa equivalents record form requirement, may CPD points, memo mula sa DepEd (national, regional at division).

Ipinagdiriwang tuwing Pebrero ang Pambansang Buwan ng Sining na sa taong ito ay may temang "Ani ng Sining, Bunga ng Galing" sa bisa ng Presidential Proclamation no. 683.

## PROGRAMA

### UNANG ARAW – PEBRERO 24, 2023

8:00 – 9:00 ng umaga **Rehistrasyon**

9:00 – 9:15 Pambansang Awit
Panalangin

**Paunang Pananalita**
Melinda R. Cardano, Ed.D.
Pangulo at Direktor, Samahan ng mga Guro sa Intelektuwalisasyon ng Filipino (SAGIF)

**Rasyonal, Mga Layunin, at Kasaysayan ng SAGIF**
Jessie S. De Lara
Direktor ng SAGIF

**Mga Alituntunin sa Webinar-Worksyap**
Rodel D. Maquilan
Direktor ng SAGIF

9:15 - 11:30 **Intelektuwalisasyon ng Filipino sa Pagtuturo ng Agham Pampolitika**
**Dr. Antonio P. Contreras**
*Retired Full Professor, Political Science,* DLSU Manila

11:30 – 12:00 **Malayang Talakayan**

12:00 – 1:00 ng hapon **Tanghalian**

1:00 - 3:30 **Estratehiya sa Pagtuturo ng Kaalamang Lokal sa Hamon ng Kalakarang Global**
**Voltaire M. Villanueva, PhD**
Fakultad, Pamantasang Normal ng Pilipinas

3:30 – 4:00 **Malayang Talakayan**

4:00 – 4:30 **Pagbabahagi ng Papel-Pananaliksik**
***Blended Learning Approach in Teaching Social Studies in the 2nd Congressional District of Camarines Sur***
**Francis Hassel N. Pedido, MA**
Pamplona National High Scool

Guro ng Palatuntunan: **Vasil A. Victoria, PhD**

### IKALAWANG ARAW – PEBRERO 25, 2023

7:30 – 8:00 ng umaga **Rehistrasyon**

8:00 - 10:00 **Pagka-Pilipino, Pagkataong Pilipino, at Pagkamamamamayang Pilipino sa Pagtuturo ng Araling Panlipunan**
**Vicente C. Villan, PhD**
UP Diliman, Lungsod Quezon

10:00 – 10:30 **Malayang Talakayan**

10:30 - 12:00 **Ang Historyograpiyang Nakapaloob sa mga Obrang Historikal ni Carlos Botong Francisco**
**Melanie D. Turingan, PhD**
University of Santo Tomas, Manila

12:00 – 1:00 ng hapon **Tanghalian**

1:00 -3:30 **Pagtibag sa mga Misimpormasyon, Miskonsepsiyon, at Distorsiyon sa Pagsasakasaysayan ng Bansa**
**Ambeth R. Ocampo**
*Professor of History, and former Chair, Department of History,* Ateneo de Manila University

3:30 – 4:00 **Pampinid na Pananalita**
Jessica May S. Reyes
Faculty, SHS Department, UST
Direktor ng SAGIF

**Paggawad ng Sertipiko**

Guro ng Palatuntunan: **Rodel D. Maquilan**

# Toto Causing naghain ng MFR



NAGHAIN na sa Supreme Court ng kanyang Motion for Reconsideration (MFR) si Engr. Bertini 'Toto'Causing kaugnay ng pagbawi sa kanyang lisensiya bilang abogado.

Tinanggalan ng lisensiya bilang abogado si Causing matapos nitong i-post sa social media ang isinampa niyang kasong plunder (pandarambong) laban sa ilang matataas na opisyal ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Region 12 at sa may-ari ng isang malaking supermarket sa Mindanao at isang dating

*sundan sa p.7*

# 'Bagman' daw ang bagong BOC Commissioner?

WALA pang sagot ang bagong upong Bureau of Customs chief, Commissioner Bievenido Rubio tungkol sa naungkat na akusasyon noong 2017 na siya ay isa sa mga 'collector' o 'bagmen' sa Aduana.

Sa isang privilege speech ni dating Sen. Panfilo 'Ping' Lacson, nabanggit niya ang pangalan ni Rubio na isa sa mga kumokolekta at tumatanggap ng "tara" o suhol kaya talamak ang korapsiyon sa BOC.

Nabanggit din sa talumpati ni Lacson ang pangalan nina dating BOC Commissioner Nicanor Faeldon na isa sa 'bagman' sa Aduana.

Dahil dito, nagbitiw si Faeldon at itinangging tumanggap siya ng P100 milyong "pasalubong" o "regalo mula sa mga district official at mga bagmen nang maupo siya bilang hepe ng Kawanihan ng Aduana.



Dating Sen. Ping LACSON

Nang panahong iyon, naeskandalo ang Customs sa pagkatuklas na nakalusot sa Aduana ang P6.4 bilyong halaga ng shabu mula sa China.

Sa listahan ni Lacson, nakatala ang pangalan ni Rubio, noon ay nakatalaga sa ntellectual Property Rights Division ng BOC, na isa sa maraming lalaki na tumatanggap umano ng suhol mula sa mga ismagler.

Sa privileged speech ni Lacson, nabanggit ang pangalan nina COC Deputy Commissioner Vener Baquiran at Deputy Commissioner Teddy Raval na kasama sa "bribe takers and givers."

Sa balita, sina



New Customs Commissioner
**Bienvenido Rubio**

Baquiran, Raval, at BOC Assistant Commissioner Vincent Maronilla ang tinukoy na nagpursige na maitalagang hepe ng BOC si Rubio.

Ito ay kahit na mas mababa ang ranggo ni Rubio na director 3 lamang

*sundan sa p.7*

# Happy 100th birthday in advance Manong JPE!

**ni ADELA R. ZAMORA** – Sabi ni Charles Frankloin : "Noone gets out of this lifealive?

Sabi pa, life is short, kaya mag-enjoy lang, at nakatatawa ang nakita kong karikatura na kasama ni dating Senador Juan Ponce Enrile ang mga dinosaur at ang sabi, mga pet daw niya iyon.

At hindi raw yata totoo na "short ang life," kasi, alive na alive pa siya nang i-celebrate ang kanyang 99th birthday last February 14.

Wow, isang taon na lang at centernaryo na si Manong at makatatanggap siya ng 100K -- na tiyak ipamimigay lamang niya sa mga kapwa niya seniors sa Cagayan.

Sabi niya sa selebrasyon ng kanyang kaarawan, ito ang sabi ni Manong Johnny: "Ninety-nine year is a long time in terms of years, but a flickering moment in terms of eternity. Ce'est la vie! That is where we are all going. It is a race no one wishes to win!".

Sabi pa niya: "T everyone who greeted me or will greet me on my 99 years on this planet, thank you very, very much, and happy Valentine's day to all of you. I love you all. 99 years are, indeed, long in term of years, and I thank God for granting me those years."

Aniya pa: "But in terms of eternity, those seemingly long years are but a fleeting moment. Nonetheless, thank you Lord for the years you gifted me; for the protection you blessed me; and for all the blessings you have generously given to me and to my family; and the friends you, Lord, allowed me to have during my lifetime. Thank you dear God for this day!"



**Juan Ponce ENRILE**

Sikat na abogado na sa edad na 99, matalino pa si Manong JPE sa mga mga bar topnotcher at mga senaseor natin ngayon kaya nga siya kinuhang presidential adviser ni President Bongbong Marcos.

Sa administrasyon ng tatay ni PBBM, si Manong Johnny ay naging Customs commissioner, Philippine National Bank presidenr; naging Finance at National Defense secretary mula 66 to 1986.

Nang mapatalsik si Prez FEM Sr., apat na terminong naging senador ang Ilokanong abogado, at naging Senate President pa mula 2008 to 2013.

Ay tila nga hindi "short" ang buhay kay Manong Johnny na pag tinanong mo tungkol sa lahat ng mabibigat na isyu sa politika, batas at iba pang bagay, parang ermitantyo sa kuweba ng Sierra Madre. maayos, matinong masasagot niya.

Sana all ay makaabot ng edad 99years and one.

Happy 100th birthday in advance, Manong JPE.

## Toto Causing... mula sa p.6

kongresista.

May kinalaman ang kaso sa pagbili ng DSWD ng mga groceries at pagkain para ipamigay sa mga residente ng Marawi City na apektado noon ng gyera.

Overpriced ang pagbili ng DSWD sa mga ipinamigay na groceries at pagkain, ayon sa kasong isinampa ni Causing.

Ayon kay Causing,isa sa mga binili ng DSWD sa Fitmart Supermarket ay monggo na nagkakahalaga umano ng P155.50 bawat kilo.

Ngunit nang bumili si Causing sa Fitmart, nagbayad lamang siya ng P90 sa isang kilo ng monggo pero sa idineklarang presyo ng DSWD ay mahigit P155 kada kilo.

Sa kwentada ng dating abogado,mahigit P200 million ang overpriced sa mga produktong binili sa naturang supermarket na pagmamay-ari ng kapatid ng dating kongresista ng South Cotabato.

Dahil isa ring mamamahayag, ipinost ni Causing sa kanyang Face Book page ang kanyang isinampang kaso sa Ombudsman.

Isa sa kinasuhan ng plunder ay nagsampa ng disbarment case kay Causing sa Integrated Bar of the Philippines.

Iginiit ni Causing na kahit siya ay abogado hindi nawawala ang kanyang pagiging mamamahayag at ang ginawang pag-post niya sa kasong isinampa sa Ombudsman ay bahagi ng Freedom of Expression.

Umaasa si Causing na sa isinampang MFR, babaliktarin ng SC ang desisyon nito at ibabalik ang kanyang lisensiya bilang abogado.

## 'Bagman' daw... mula sa p.6

sa Aduana.

Sa kanyang privilegd speech sinabi ni Lacson: "If in the Armed Forces, you end your stint with the infamous 'goodbye (cash) sendoff,' in the Bureau of Customs you start your stint with a 'welcome gift."

"Holy mackerel! You're welcomed with cash (at the BoC)!" bulalas ni Lacson.

Wala pang tugon si Rubio at iba pang nabanggit na pangalan sa privileged speech ni Lacson noong 2017.

Ayon sa isang kolumnista sa Customs, ang isyu kay Rubio ay matatabunan na ngayong nakapanumpa na ito sa tungkulin at aniya, "Pana-panahon lang 'yan." / **ET II**

## SHC... mula sa p.8

and treatment of patients will be done.

Speaking with the local press, Vice Mayor Saquilayan underscored the importance of community based health center for it will provide poor Imus residents with better access to primary health-care services that are safe and comprehensive.

"Hindi pa man natatapos itong Super Health Center, alam ko marami sa ating kababayang Imuseno ang excited na magpagamot. Asahan po ninyong sa pagtutulungan namin ng ating Mayor (AA) at Congressman (AJ), marami pang kapaki-pakinabang na programa ang maibibigay ng inyong city government," Vice Mayor Saki said. I **DOMZ B. CAOILE, ELI TAPARAN II**

# 59th death anniversary of Gen. Emilio Aguinaldo




General Emilio Aguinaldo's 59th death anniversary was commemorated through a holy mass and wreath laying ceremony at his tomb on February 6, 2023 at the Aguinaldo Shrine, Kawit, Cavite.

The ceremony was led by 1st District Representative Jolo Revilla, Board Member Davey Chua on behalf of Governor Jonvic Remulla, Mr. Alvin Alcid, Deputy Executive Director of the National Historical Commission of the Philippines, local officials of the municipality of Kawit, and kin of Gen. Aguinaldo headed by Ms. Emilie A. Pulido.---**PICAD**

### AFFIDAVIT OF SELF-ADJUDICATION

NOTICE is hereby given that the estate of the late **ABELARDO V. TOLENTINO,** who died on June , 2022 at James I, Gondon Memorial Hosptal, Olongapo City, Zabales, left a parcel of land covered by Tax declaration No. AC-00014-19075 Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Felirico T. Macabangun, under Doc. No. 95, Page No. 20, Book No. XX, Series of 2003.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 6, 13 & 20, 2023**

### DEED OF EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT

NOTICE is hereby given that the estate of the late **MARCELO GALLE GARCIA,** who passed away on Arpil 10, 2021, left the following property and/or accounts with Metropolitan Bank & Trust Company (Metrobank) General Trias branch with Account No. 3543354005388 (SSS Pension Passbook) balance: P453,332.47, Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-ann R. Alcid, under Doc. No. 792, Page No. 54, Book No. 2, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 13, 20 & 27, 2023**

### EXTRA-JUDICIAL SETTLEMENT OF ESTATE OF THE LATE MACARIO R. ERNI JR. WITH WAIVER OF RIGHTS

NOTICE is hereby given that the estate of the late MACARIO R. ERNI JR., who died on Novemebr 27, 1990 at FEU-Hospital, Morayta, Manila, left parcel of land situated in Pantihan 3, Maragondon, Cavite, covered by Tax Declaration No. 13-0018-00166 containing an area of 3,435.98 square meters Extra-Judicially Settled among the legal heirs, executed before Notary Public Atty. Jo-ann R. Alcid, under Doc. No. 726, Page No. 41, Book No. 2, Series of 2023.

**BANTAYBALITA News Publishing Services**
**FEBRUARY 13, 20 & 27, 2023**

# SHC will give more access to health care services to Imusenos: Mayor AA


BANTAY BALITA
NEWS PUBLISHING SERVICES
YOUR COMMUNITY NEWSPAPER, KAKAMPI NG BAYAN

VOLUME 1 NO. 20 10.00 FEBRUARY 13 - 19, 2023


# PH, baka maging 'Ukraine war' sa Asia?



REVANZE

by Domz B. CAOILE

LEKAT, friend ba o enemy natin ang China?

Nang magkausap sina Prez Bongbong Marcos at Chinese President Xi JinPing nagkasundo sila na walang mangyayaring gulo sa West Philippine Sea at ang anomang gusot o isyu, pag-uusapan nang maayos.

Nangako rin si Prez Xi JinPing na malaya tayong mapapangingisda sa pinag-aagawang teritoryo, at iyon naman ay inasahan natin.

Pero ito ang masakit, noong Peb. 6, hinarass ng Chinese Coast Guard (CCG) ang isang barko ng Philippine Coast Guard (PCG) nang patamaan sila ng "military-grade" laser -- na nagdulot ng peligro sa buhay ng ating marinong sundalo.

Nangyari ito sa Ayungin Shoal may nakalahimpil na mga barko ng Philippine Navy in Ayungin (Second Thomas) sa West Philippine Sea -- na sakop ng ating teritoryo at nasa loob ng exclusive economic zone (EEZ) ng Pilipinas.

Ayon sa ulat ng PCG, ilegal na pumasok ang Chinese ship sa loob ng Ayungin Shoal at sinabihan ang ating barko--BRP Malapascua na umalis sa lugar at nagmaniobra ang barkong Chinese, kasunod ang palitan ng mga babala sa isa't isa.

Akalain ba naman, sabihan tayo ng CCG na umalis sa Ayungin Shoal kasi iyon daw ay "in the jurisdiction of the People's Republic of China."

Ibig sabihin, tayo ay pumasok sa Ayungin Shoal na atin namang talaga at wala sa jurdisdiction o kapangyarihan ng China.

Ang ganitong kaigting na pangyayari na naglagay sa panganib ng buhay ng ating naval at coast guard officers ay ilan daan beses nang nangyari, bukod pa ang harassment sa ating mangingisdang Pilipino.

Itong Ayungin Shoal ay isang nakalubog na bahura (submerged reef) na may layong 194 km mula sa Palawan province na atin talaga, at nasa EEX natin, ayon mimso sa United Nations Convention on the Law of the Sea or UNCLOS.

Kaya nga laging nakatambay at nagbabantay ang mga barko ng PN natin sa lugar na malapit sa inabandonang barkong BRP Sierra Madre.

Akala ko ba, nagkasundo sina Prez BBM at Prez Xi na maglalagay sila ng isang hotline para agad makapag-usap nang maiwasan ang matinding iringan ng mga naval/coast guard officer natin at ng China, e ano ang nangyari ... wala yata?

Wala raw namang nangyayari sa mahigit na 461 protest ng Pilipinas laban sa pambu-bully ng China sa atin mula pa noong 2016.

Ang pinakahuling insidente sa Ayungin Shoal ay kabuntot ng pagpayag ni Prez BBM na magdagdag pa ng apat na lugar na pwedeng mamalagi at maglagay ng armas pandigma ang US sa ating military camps, ayon sa kasunduang EDCA.

At kasunod nito, sabi ng US, handa raw ito na ipagtanggol ang Pilipinas kung sakali na lalo pang manggipit ang China sa atin, lalo sa isyu ng agawan sa WPS o ang South China Sea -- ayon sa desisyon ng Permanent Court of Arbitration sa The Hague Netherlands, ay atin ang teritoryong iyon at hindi sa China.

Ang desisyong ito, siyempre ay kinokontra ng China, lalo na at hindi naman ito nakisali sa ginawang artibtration ng PCA.

Nangyari na noong Japanese occupation na nakasali tayo sa giyera dahil sa military bases ng US sa atinng bansa.

Ayaw kong maulit na dahil sa dagdag na miliatry camps ng US sa atin, ang proxy war ng US vs China ay sa ating bansa mangyari, at alam na natin ang mangyayari: tayo ang magiging target ng mga bombang nuclear ng China sakaling sumiklab ang giyerang nais ng America.

Lagi namang ganyan ang US, nagpapasimula ng giyera na malayo sa kanilang bansa, at para muling mabuhay ang negosyo ng armas de giyera nila.

Tandaan ang giyera na ginawa nila sa Vietnam, Iran, Iraq, Kuwait, Libya, Cuba at mga pang-uudyok ng giyera na ginagawa nila ngayon sa awayang Russia at Ukraine.

Baka maging Ukraine sa Asia ang Pilipinas ... wag naman po sana.

Aabangan natin ang susunod na kabanata ng maigting na usaping ito, at sana, 'wag lumala dahil tayo ang maiipit dito, pagkat sa paniwala ko, ginagamit ng US ang iaway sa WPS para mapilitan ang gobyerno ni Prez BBM na pumayag na maglagay na ng permanenteng military bases -- na itinakwil ng kanyang ama, dating Presidente Marcos Sr. at ibinasura ng Senado noong 1991.

Para sa inyong komento, eto po: domzcaoile@yahoo.com



**Mayor AA welcomes Sen. Bong Go during his visit at the construction site of Super Health Center in Imus City.**

PEOPLE and families living in Legian II-C Barangay Carsadang Bago, Imus City will soon have more access to everyday primary health-care services and social supports once the Super Heatlh Center (SHC) is completed before the end of this year.

Senator Christopher Lawrence 'Bong' Go, together with City Mayor Alex 'AA' Advincula, Congressman Adrian 'Aj' Advincula and Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan and other city government officials inspected the on-going construction of the health faciility, Friday, Feb. 10.

Mayor Advincula said that the establishment of SHC is tailored to meet the health needs of the poor people in the community.

In his Facebook page, Mayor AA said the SHC is a collaboration between the city government officials and the Department of Health.

"Ito po ay bunga kapag iisa ang layunin ng inyong mga pinuno. Hindi na po mahihirapan at lalayo ang ating mga kababayan dahil mas malapit na sa kanila ang ospital na sasagot sa kanilang pangangailangang pangkalusugan," said Mayor AA.

Cong. Aj expressed his thanks to Sen. Go for his untiring effort to develop and push for more health programs like the Super Health Center in Barangay Carsadang Bago.

Sen. Go, who heads the Senate Committee on Health and Demography, told the local media that he will continue his advocacy to bring the delivery of public health care services in the country.

"Habang tayo po ay nasa Senado, tuloy-tuloy po ang ating advocacy na makapagtayo ng mga health facilities na tulad ng itinatayo ngayon sa inyong lungsod," Sen. Go said.

Mayor AA thanked Sen. Go and the DOH for their joint efforts to implement the construction of the Super Health Center in the city.

The mayor said that he has listened to the appeal of his 'kababayang' Imusenos who have been struggling to have access to family health care nearest their community.

"Asahan po ninyong madadagdagan pa ang mga ganitong klaseng programa para matutukan natin ang kalusugan ng bawat isang Imuseno," said Mayor Advincula.

When complete, the Super Health Center will begin to offer data base management, outpatient, birthing, isolation diagnostic (laboratory), X-ray, ultrasound, pharmacy, and ambulatory surgical unit.

Other available services are eye, ear, nose and throat services. oncology centers, physical theraphy and rehabilitation center, and telemedicine, where remote diagnosis

*See page 7*




*In Photo, fourth from left, Vice Mayor Homer 'Saki' Saquilayan, Cong. AJ Advincula, Sen. Bong Go, Mayor AA Advincula and other city government officials.*